**Mga umiiral at binabalak na hakbangin**
**sa pagtataguyod ng pagkapantay-pantay sa lahi**

**Konseho ng mga Serbisyo ng Legal na Tulong**

Aktibong nag-aambag ang Konseho ng mga Serbisyo ng Legal na Tulong (Legal Aid Services Council, LASC) sa pagpapatupad at pagpapahusay ng batas sa pamamagitan ng pagsisikap na matiyak ang access sa katarungan at pagkapantay-pantay sa batas ng mga tao na may limitadong kakayahan. Ipinatupad din ng LASC ang scheme ng tulong para sa pagbibigay ng sertipikasyon ng tagapayo para tulungan ang mga tao na kulang ang kakayahan na humingi ng muling pagsusuri sa pagtanggi sa legal na tulong na nauukol sa kanyang apela sa Korte ng Huling Apela.

| | |
|---|---|
| Mga Umiiral na Hakbangin | ● Nagbibigay ang LASC ng mga serbisyo ng pagtatanong sa publiko sa Tsino at/o Ingles. Ang impormasyon sa website ng LASC ay nasa kapwa Tsino at Ingles.<br><br>● Ang abiso at application form ng iskema ng tulong na pinangangasiwaan ng LASC ay nasa kapwa Tsino at Ingles.<br><br>● Ang pagsasalin sa mga abiso at application form ng iskemang tulong sa sampung wika katulad ng Bengali, Hindi, Bahasa Indonesia, Nepali, Punjabi, Tagalog, Tamil, Thai, Urdu at Vietnamese ay magagamit na.<br><br>● Sa sandaling hihilingin, ang serbisyo ng interpretasyon sa walong wika, gaya ng Bahasa Indonesia, Hindi, Nepali, Punjabi, Tagalog, Thai, Urdu at Vietnamese ay ibibigay sa telepono sa pamamagitan ng Sentro para sa Katiwasayan at Pagpapahusay ng mga Residente na Etnikong Minoridad, kung saan angkop at magagawa. |
| Pagtatasa ng | ● Sinusuri ng LASC ang mga serbisyo nito sa |

| | |
|---|---|
| Hinaharap na Trabaho | pana-panahon at pinagbubuti ang mga bagay kung saan kailangan. |
| Karagdang Hakbangin na Gagawin | ● Magpapatuloy ang LASC na magbigay ng serbisyo ng interpretasyon sa telepono sa walong wika na binanggit sa itaas para sa pampublikong pagtatanong o sa mga usapin na may kaugnayan sa scheme ng tulong kung saan naaangkop at maisasagawa.<br>● Patuloy na isasaayos ng LASC na dumalo ang mga kawani sa mga kursong pagsasanay sa pagkapantay-pantay ng lahi para pahusayin ang kamalayan ng mga kawani at ang pangangasiwa ng mga pagtatanong mula sa mga tao na may iba't ibang lahi. |

Para sa mga pagtatanong sa mga hakbang sa itaas, makipag-ugnayan kay G Bryan CHEUNG, Executive Officer (LASC) sa pamamagitan ng sumusunod na daluyan –


Numero ng Telepono : 2838 5010
Numero ng ng Fax : 2838 5053
Email : enquiry@lasc.hk


**Konseho ng mga Serbisyo ng Legal na Tulong**
**Mayo 2025**